# Kuwento nina Nicolas at Elena

Sina Nicolas at Elena ay maligayang nagsasama bilang mag-asawa sa loob ng 10 taon at tatlo ang anak nila. Kapwa nila gustong maitatag ang kanilang pamilya sa pundasyon ni Jesucristo at ng Kanyang ebanghelyo, at nagsisikap ang bawat isa na gampanan ang kanilang mga responsibilidad sa pamilya na itinalaga ng Diyos.

Tulad ng iba pang mag-asawa, may hindi pinagkakasunduan sina Nicolas at Elena. Kadalasang nagtatalo sila tungkol sa pera. Nagtatrabaho nang full time si Nicolas sa labas ng bahay. Naaalagaan ni Elena ang kanilang mga anak at naaasikaso ang kanilang tahanan nang full time, bukod pa sa paminsan-minsang pagtatrabaho. Naniniwala si Nicolas sa tungkulin niyang mamuno sa tahanan, gayundin dahil siya ang mas kumikita nang malaki sa pamilya, siya ang dapat na magpapasiya kung paano gugulin ang kanilang pera. Naramdaman ni Elena na siya ang dapat mas masunod sa mga desisyon na may kinalaman sa mga anak nila dahil mas nakakasama niya ang mga ito kaysa kay Nicolas. Kung minsan noon, nang hindi sinasabi kay Nicolas, ginugugol niya ang kanilang pera sa paraang gusto niya.

Kamakailan ay pinag-usapan nina Nicolas at Elena kung ano ang gagawin sa perang naimpok nila. Gusto ni Nicolas na bumili ng sasakyan para mas madali siyang makarating sa trabaho at magamit ito sa pamamasyal ng pamilya. Gustong gamitin ni Elena ang pera para dalhin ang kanilang mga anak sa bakasyon sa pagbisita sa mga kamag-anak at magkasamang magsaya bago magsilakihan ang mga bata.

Nabalisa sina Nicolas at Elena sa pagtatalo nila, ngunit kailangan nilang magdesisyon.

- Ano sa palagay ninyo ang pinakamalaking hamon na kinakaharap nina Nicolas at Elena sa pagpapasiya kung ano ang gagawin sa pera?
- Ano sa palagay ninyo ang kailangan nilang mas maunawaan tungkol sa pagtutulungan ng mag-asawa bilang magkasama na may pantay na pananagutan at sa pamumuno na may kaugnayan sa paggawa ng mga desisyon para sa kanilang pamilya? (Tingnan sa bahagi 3 ng materyal sa paghahanda.)
- Kung kayo si Nicolas o Elena, paano ninyo kakausapin ang inyong asawa para magsanggunian kayo tungkol sa desisyong ito sa paraang tulad ng kay Cristo?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.